## Certificate in Biblical Studies
## Course100 Primeval History

# CBS106 Si Noah at ang Delubyo

**Conrad Jun Tolosa**

### *Ang Pagdami ng Tao*

Magparami kayo at punuin ang mundo! Ito ang kalooban ng Diyos para sa tao. At makalipas ang maraming taon – mula kina Adan at Eba – dumami nga ang bilang ng tao na ibinubukod ng dalawang uri ng value system. Ang lahi ni Seth ay makadiyos. Samakatuwid ay makatao. Samakatuwid ay makabayan. Samakatuwid ay makakalikasan. Ang lahi ni Cain ay ang kabaliktaran nito.

Makalipas pa ang marami taon, naghalo na dalawang lahi. Nabura ang makadiyos na value system dahil sa patuloy na pagpapakasal ng mga mananampalataya sa di-mananampalataya. Hindi dapat mag-aasawa ang isang Cristiano ng hindi mananampalataya. Ito ay maliwanag na ihinahayag ng salita ng Diyos. Matututong sumisid ang believer sa dagat ng kadiliman subalit hindi makukuhang lumipad ng unbeliever sa himpapawid ng liwanag.

Makalipas ang marami pang taon, nagkaroon ng gahiganteng mga tao sa balat ng lupa na kinilalang mga super-heroes, ang mga Nephilim. Hindi sila anak ng mga babaeng nakipag-sex sa mga demonyo dahil wala namang sex drive ang mga anghel sapagkat hindi naman sila nilikha ng Diyos na may kakayahang mag-reproduce, kaya nga wala silang gender. Sa tuwing gagamitin ang katagang *sons of God* sa Bibliya, ito ay in reference sa tao o sa good angels.

### *Ang Unang Paggunaw ng Mundo*

Ang pag-ibig ng Diyos ay walang katapusan subalit ang Kanyang pasensiya ay may hangganan. Isa sa mga katangian ng Diyos ang pagiging long-suffering o mapagtimpi; mahaba ang pasensiya. Subalit ito ay may hangganan. Nalungkot ang Diyos na nilalang Niya ang tao sa mundo, at ang Kanyang puso ay napuno ng pasakit dahil sa ang tao ay wala nang hinto sa pag-iisip ng puro kasamaan lamang. *Genesis 6:1-13*

Hindi ibig sabihin nito na hindi alam ng Diyos sa simula pa lamang na magkakaganoon nga ang kalagayan ng tao. Kundi upang Kanyang maipahayag ang laki ng Kanyang pag-ibig na minabuti Niyang dumanas ng ganoong pighati.

Masakit para sa isang nagmamahal na siya ay makalimutan ng kanyang napupusuan. Ganito ang nangyari nang panahong iyon, nakalimot na tumawag sa Diyos ang lahi ni Seth maliban kay Noah. Ito ang kinalungkot na lubos ng Diyos, na Siya ay nawala na sa ala-ala ng Kanyang bayan. Dahil dito binigyang taning ng Diyos ang tao - - isang daan at dalawampung taon.

Nang panahon ng sukdulang kasamaan sa mundo, nasumpungan ni Noah ang pabor ng Diyos. Si Noah ay isang taong matuwid; siya ay may pananampalataya sa Diyos. Si Noah ang magiging kasangkapan ng Diyos upang makapagpatuloy ang paglaganap ng tao sa mundo. Inatasan ng Diyos si Noah na gumawa ng

isang napakalaking arko na magsasalba sa kanya at sa kanyang pamilya, ganoon din sa mga piling mga hayop at ibon.

Natapos ni Noah at ng kanyang tatlong anak ang paggawa ng arko. Nakapasok na ang lahat sa loob ng arko. Dumating ang takdang panahon. Nang si Noah ay 600 years old, ang lahat ng bukal sa kailaliman ay sumabog at ang mga banga ng baha sa kalangitan ay binuhos. Umulan ng 40 days at 40 nights at nagpatuloy na tumaas nang tumaas ang baha. Ang baha sa buong mundo ay tumagal ng 150 days. Ang lahat ng tao sa mundo sa labas ng arko ay nangamatay. Nang bumaba ang tubig, lumapag ang arko sa Mt. Ararat. Walong tao lamang ang tinira ng Diyos upang magsimula ulit ng sibilisasyon: Si Noah, ang kanyang asawa, ang kanyang tatlong anak, at ang kanilang asawa.

Nang si Noah ay 601 years old na, tuluyan nang natuyo ang tubig-baha. Si Noah bilang isang magsasaka ay nagsimulang magpalago ng ubasan. Siya ay nabuhay hanggang 950 years old. Mula sa angkan ni Noah muling nagsimula ang pagdami ng tao sa mundo. Ang direction ng lakbayin ng tao ay patungong silangan. Sila ay isang angkan at isa lamang ang kanilang wika.

### *Noah the Righteous*

God is just or righteous. Tinawag ng Bibliya si Noah na righteous o matuwid. Si Joseph na asawa ni Mary ay tinawag ding righteous.

May dalawang kahulugan ang salitang righteousness sa Bibliya – – ang may kaugnayan sa batas at ang may kaugnayan sa pananalig o faith. Kapag ang pinag-usapan ay ang righteousness na may kaugnayan sa batas, ang sabi ni Jesus ay dapat lampasan ang katuwiran ng mga Pariseo para ka makapasok sa kaharian ng Diyos (Matthew 5:20). Ibig sabihin, wala ka dapat mababaling batas maski isa sa buong buhay mo sapagkat ayon sa James 2:10 ang paglabag sa isang batas ay paglabag sa lahat. Kailangan perfect ka para ka matawag na matuwid; tulad sa isang straight line na walang lihis o liko maski saang bahagi nito. Kasi kung mayroong konti man lamang na baluktot, hindi na puwede tawaging straight line. So, ang unang ibig sabihin ng matuwid na tao ay walang nagagawang pagkakamali – perfect ang record; 100% ang grade sa lahat ng exam mula preschool hanggang college. At kung nagmasteral at doctorate, perfect pa rin.

Patungkol dito, ang sinasabi sa Bibliya ay walang isang matuwid na tao sa buong mundo. Of course, hindi kabilang dito si Jesus sapagkat alam natin na hindi Siya nagkasala sa buong buhay Niya dito sa mundo. As a matter of fact, hindi maaari na Siya ay magkasala sapagkat Siya ay Diyos din. Mayroong hindi kayang gawin ng Diyos – – ang magkasala o ang hindi maging matapat sa Kanyang pagkadiyos. Hindi puwedeng ihiwalay ng Diyos ang pagka-diyos sa Kanyang sarili. *Psalm 14:3; Romans 3:10; 1 Peter 1:19; 2:22.*

Ang ikalawang kahulugan ng pagiging matuwid o righteous sa Bibliya ay may kinalalaman sa pananampalataya o pananalig sa salita ng Diyos. Ang sabi sa Genesis 15:6 ay nanalig si Abram sa Diyos at ito ay itinumbas sa righteousness o pagkamatuwid. Ibig sabihin, man's belief in God's word is counted as righteousness. Samakatuwid, si Noah at si Joseph na itinanghal na matuwid ng Bibliya ay matuwid sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya; tulad ni Abraham at ng lahat na nagtitiwala sa salita ng Diyos.

***Multiple Choice:***

1. Ano ang tamang statement kapag ang condition na ng pamumuhay ng tao ay tulad na ng panahon ni Noah?
   a. Lalo pang lalala ang masamang kalagayan ng lipunan kung hindi magkakaroon ng divine intervention.
   b. Lilipas din ang kasamaan just be optimistic.
   c. Bitay agad kapag nahuli ang sinumang gumagawa ng masama.

2. Alin ang tamang statement?
   a. Ok lang mag-asawa ng non-believer dahil hindi natin alam na baka will ng Lord para ma-save ang magiging asawa natin na di-mananampalataya.
   b. Hindi kailan man will ng Lord na mag-asawa ang isang believer ng non-believer.
   c. Dapat lang na sundin natin ang dikta ng ating puso pagdating sa ating love life.

3. Alin ang maling statement?
   a. May hangganan ang pasensiya ng Diyos.
   b. Ang pag-ibig ng Diyos ay may katapusan.
   c. Nalungkot ang Diyos nang makalimot ang tao na tumawag sa Kanya.

4. Alin ang maling statement?
   a. Ang isang tao ay masasabing matuwid kapag wala siyang sinuway na batas ng Diyos, maski isa.
   b. Ang isang taong may pananampalataya o pananananalig sa Diyos ay counted as righteousness.
   c. Ang isang tao ay masasabing matuwid kapag wala siyang tinatapakan na ibang tao.

5. Alin ang tamang statement?
   a. May mga taong matuwid sapagkat nakakasunod sila ng 100% sa batas ng Diyos.
   b. Si Jesu-Cristo lamang ang nabuhay sa mundo na matuwid.
   c. Ang mga Pariseo noong panahon ay tinaguriang matuwid sapagkat maalam sila sa batas ng Diyos.

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.